

## Lingkod Bayan Award, iginawad kay Dr. Montoya

Ni Luisa S. Lumioan  
S&T Media Service, STII



Iginawad ni Pangulong Benigno Aquino III (gitna) kay Dr. Jaime C. Montoya ng DOST-PCHRD (kanan) ang gold-gilded na medalya, plake at cash reward. Kasama sa larawan si Chairman Francisco Duque III ng Civil Service Commission (kaliwa). (Larawan mula sa Honor Awards Program Secretariat ng CSC)

**G**inawaran ng **Lingkod Bayan Award** si **Dr. Jaime C. Montoya**, executive director ng **Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD)** sa kanyang natatanging kontribusyon sa pagsusulong ng research and development (R&D) sa kalusugan.

Ipinagkaloob ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III ang parangal sa pagdiriwang ng ika-112 na anibersaryo ng Civil Service Commission (CSC) noong

ika-19 ng Setyembre sa Palasyo ng Malakanyang.

Kinilala si Dr. Montoya sa kanyang pagsusumikap na palakasin ang R&D sa kalusugan upang lalo pang maging malusog at produktibo ang pamumuhay ng mga Pilipino. Isinusulong niya ang pagpapa-unlad ng mga abot-kayang diagnostic kit para sa dengue at leptospirosis.

sundan sa pahina 2

## DOST elevated train, iilawan ang UP Lantern Parade

Ni George Robert Valencia III  
S&T Media Service, STII

**P**uspusan ang paghahanda ng mga inhinyero at siyentipiko ng Department of Science and Technology (DOST) sa nalalapit na pagpapakilala ng unang 'Pinoy elevated train' sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Ang tren na kung tawagin ay Automated Guideway Transit System o AGTS ay magiging bahagi ng UP Lantern Parade, isang taunang pagdiriwang ng unibersidad.

"Come December this year, UP Diliman students will see the AGTS run and light up the university during the Lantern Parade," wika ni Dr. Rowena Cristina Guevara, direktor ng Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD), ang ahensyang nagpondo at nagmomonitor sa naturang teknolohiya.

Ang AGTS ay isang uri ng tren na fully-automated (walang drayber) at tumatakbo sa nakataas na track o guideway sa halip na riles. Pinagagana ito ng elektrisidad kaya hindi

sundan sa pahina 2

### Nilalaman

Cyberhacking at pagprotekta sa karapatan ng mga internet user, handang tugunan ng DOST **p. 3**

Ika-6 na Annual Scientific Forum ng PACS, idinaos ng DOST **p. 4**

LarawaNews **p. 4**

Lingkod Bayan...  
Mula sa pahina 1

Pinangunahan niya ang pagbubuo ng mga Regional Health R&D Consortium upang tipunin ang mga mananaliksik sa mga rehiyon sa bansa, at ng Association of South East Asian Nations' Network for Drugs, Diagnostics and Vaccines Innovation upang patatagin ang kolaborasyon sa pananaliksik sa kalusugan sa Timog-Silangang Asya.

"I see this award not so much as a recognition of what I have done as an

individual but more of a recognition of what the Council has done under my stewardship," pahayag ni Dr. Montoya, ang nagsisilbing pinuno ng PCHRD mula pa noong 2005.

Tumanggap din ng parehong parangal para sa taong ito sina dating Kalihim Jesse Robredo ng Department of Interior and Local Government (posthumous) at Batangas Governor Vilma Santos-Recto.

Ang Lingkod Bayan Award ay bahagi ng Honor Awards Program ng CSC na naglalayong magbigay inspirasyon sa mga kawani ng gobyerno na pagbutihin ang pagganap ng kanilang tungkulin, at isulong ang pagpapahalaga sa serbisyo publiko.

Samantala, noong 2010, nakatanggap din ng nasabing award si Dr. Renato Solidum ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology ng DOST.

DOST elevated train...  
Mula sa pahina 1

makadaragdag sa air pollution sa siyudad. Isa ito sa mga mungkahing mass transport system ng DOST upang tugunan ang lumalalang trapiko sa Kamaynilaan. Kilala at maaasahang uri ito ng pampublikong transportasyon sa ilang maunlad na bansa.

"More than creating a Filipino train version, our ultimate goal is to train our engineers to operate their own developed transport system, locally fabricate its components, and to greatly develop their capabilities in the area of transportation technology," pahayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo.


Isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng DOST at UP noong nakaraang taon ang nagpasimula ng konstruksyon ng 465-meter test track o elevated guideway sa loob ng UP Diliman campus, kung saan 70 porsyento na nito ang nakukumpleto ngayon. Ang test track ay nagdurugtong sa Jacinto Street (sa tabi ng Kolehiyo ng Fine Arts) at sa CP Garcia Avenue (malapit sa Commission on Higher Education building) sa loob ng campus.

Ayon kay DOST Assistant Secretary for Strategic Plans and Programs Robert O. Dizon, ang testing sa UP Diliman ay sisimulan sa ikalawang linggo ng Oktubre, bagama't sa Nobyembre pa matatapos ang kabuuan ng guideway.

"We will be able to initiate the testing using the completed segments of the track," paliwanag ni Asec. Dizon.

Mahalaga ang isasagawang testing ng AGTS sa UP upang maitatag ang bilis at kapasidad; pinuhin ang mekanismo, controls, power, at stress system; at ayusin ang mga troubleshooting procedure nito. Itatayo rin ang isang central control house at rectifier room, kung saan permanenteng ilalagak ang lahat ng power source, controls, at ilang mahahalagang kagamitan ng AGTS.

Samantala, natapos na rin ng Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC), ang ahensyang tagapanguna sa teknolohiya, ang mga rolling stock o pangunahing bahaging magpapagulong sa tren sa guideway. Inatasan din ng DOST-MIRDC ang



Puspusan ang paggawa sa test track ng Automated Guideway Transit System (AGTS) sa UP Diliman upang mapaandar ito sa Lantern Parade sa darating na Disyembre. Ang AGTS ay ang kauna-unahang tren na dinisenyo ng mga Pilipinong siyentista at inhinyero upang tugunan ang problema ng trapiko sa Metro Manila. (Kuha ni Engr. Brian Rasco ng DOST-PMEDSO)

Fil-Asia Automotive & Industries Corporation sa Cavite upang gawin ang mga coach o ang bahagi ng tren na maglululan ng mga pasahero na ikakabit sa mga nagawang rolling stock. Ang mga coach ay nakatakang matapos sa ikalawang linggo ng Nobyembre.

Ayon naman kay Engr. Brian Rasco ng Project Management Engineering and Design Service Office (PMEDSO) ng DOST, ang magiging elevated train sa UP Diliman ay light version lamang ng nilalayong transportasyon.

"Plans are being carried out to develop a regular-sized prototype to be constructed this time in Taguig City, adjacent to the DOST Complex," wika ni Engr. Rasco.

Ang susunod na bersyon ng AGTS ay higit na malaki at makapaglululan ng hanggang 120 pasahero mula sa kasalukuyang kapasidad na 60, dagdag pa niya.

Ang unang Filipino AGTS ay kabilang sa High-Impact Technology Solutions ng DOST at dinebelop sa pakikipagtulungan sa iba't ibang institusyon ng gobyerno tulad ng National Center for Transportation Studies, UP College of Engineering, at National Institute of Geological Sciences.

**Aristotle P. Carandang**  
Editor-In-Chief

**Mheda G. Garcia**  
Copy Editor

**Joy M. Lazcano**  
Layout/Graphics

**Mario B. Buarao**  
Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

[www.stii.dost.gov.ph](http://www.stii.dost.gov.ph)



# Cyberhacking at pagprotekta sa karapatan ng mga internet user, handang tugunan ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal  
S&T Media Service, STII


**S**a magkahiwalay na pahayag nitong Setyembre, ibinahagi ng dalawang opisyal mula sa Department of Science and Technology (DOST) ang mga nakalatag na plano at programa na ipapatupad ng kani-kanilang mga ahensya para mapanatili ang seguridad ng mga website ng pamahaalaan at maipatupad ng mas maayos ang bagong aprubadong batas na naglalayong protektahan ang karapatan ng mga gumagamit ng internet.

Sa gitna ng mga protesta laban sa Republic Act 10175 o ang Cybercrime Prevention Act, kabilang na rito ang mga isinagawang pag-atake ng mga hacker sa mga website ng pamahalaan kamakailan, iginiit ni Director Denis F. Villorente ng Advanced Science and Technology Institute (DOST-ASTI) sa kanyang panayam sa palabas na News Life sa People's Television Network (PTV-4) noong nakaraang Setyembre 26, na binabalak ng kanyang tanggapan na magsagawa ng iba't ibang aktibidad upang pataasin ang kaalaman at kamalayan ng mga tauhan sa information technology (IT) ukol sa mga pangyayaring nagaganap sa mundo ng internet, gayundin ang pagpapatayo ng mga pasilidad na makapagbibigay ng malaking suporta rito.

"I believe that we need to educate our IT people in the government more and provide them with advisories on what is happening and the impending threats out there. We must provide appropriate assistance, in terms of infrastructure, so that they could give services online in a secured manner. We are trying to address all these by providing the public key infrastructure so that we can have appropriate security framework," sabi ni Director Villorente na officer-in-charge rin ng National Computer Center.

Bagama't may kakulangan sa mga kagamitan at mga tauhan na may sapat na kakayanan sa nasabing larangan, ipinangako ni Director Villorente na patuloy na magiging masigisig ang DOST-ASTI sa paghahanap ng mga alternatibong solusyon para mapangalagaan ang iba't ibang website ng pamahalaan. Ito ang direksyon na ninanais tahakin ng DOST upang matulongang mapaunlad ang ekonomiya ng bansa at ang kabuhatan ng mga mamamayan.

Samantala, sa inilabas na pahayag ni Information and Communications Technology



Pinamunuan ng Anonymous Philippines ang iba't ibang protesta sa internet na tinagurian ngayon bilang "Hacktivism." (Imahe mula sa Anonymous Philippines)

Office (DOST-ICTO) Executive Director Louis Napoleon Casambre, kinondena niya ang sunod-sunod na pag-atake ng mga hacker sa mga website ng pamahalaan bilang protesta sa nabanggit na bagong batas.

Ayon kay Dir. Casambre, nauunawaan niya ang iba't ibang opinyon ng mga taong gumagamit ng internet o netizen sa ilang probisyon ng nasabing batas subalit sinabi niya na mayroong angkop na pamamaraan upang maipahayag ang damdamin.

ICTO ang ahensya ng gobyerno na naatasang mamuno sa binuong Cybercrime Investigation and Coordinating Center, na mamamahala at gagawa ng mga polisiya, at magpapatupad ng naturang batas. Bukod sa ICTO, katuwang din sa pagbuo ng tinatawag na Implementing Rules and Regulation (IRR) ang Department of Justice at Department of Interior and Local Government.

Binanggit din ni Dir. Casambre na magsagawa sila ng mga serye ng konsultasyon sa iba't ibang sektor, kasama na rito ang mga stakeholder sa industriya ng ICT para masigurong mapoprotektahan ng IRR ang karapatan ng bawat tao, kagaya ng kalayaan sa pamamahayag at seguridad pambansa. Umaasa si Dir. Casambre na sa

ganitong paraan matutugunan ang ilan sa mga kontrobersiyal na probisyon ng batas.

Sa isinagawang espesyal na talakayan ng PTV-4 hinggil sa batas na Anti-Cybercrime noong Setyembre 28, nangako si Dir. Casambre na gagawa rin sila ng layman's version ng naturang batas para mas madali itong maunawaan ng mga Pilipino at para makaiwas na maging biktima ng anumang krimen sa internet.

"Prior to this, we have limited legal tools to address cybercrimes such as, identity theft, computer fraud, and hacking. What we also need is a balanced legal regime, which addresses both the potentials and perils of the internet as well as the rights of all stakeholders. Prior to the enactment of Cybercrime Prevention Act, we also passed the Data Privacy Act to protect citizen's personal data," sabi ni Dir. Casambre.

Naniniwala rin si Dir. Casambre na kinakailangang masagot ang mga kasalukuyang kakulangan sa naturang batas sa bubuuang IRR. Makatutulong din ang paglilinaw mula sa korte hinggil sa mga kontrobersiyal na probisyon na nakapaloob dito.

# Ika-6 na Annual Scientific Forum ng PACS, idinaos ng DOST

Ni Alan Ace Aclan  
S&T Media Service, STII

**M**atagumpay na idinaos ng Philippine Association of Career Scientist ang ika-6 na Annual Scientific Forum sa Vicente and Carmen Fabella Hall ng National Museum, Lungsod ng Maynila kamakailan.

Ang nasabing pulong na may temang *Harnessing Robotics for the Philippine Society* ay pinangunahan ng Scientific Career Council Secretariat ng Department of Science and Technology (DOST) na pinamumunuan ni DOST Assistant Secretary Lourdes Orijola.

Dumalo sa plenaryo si Dr. Filma G. Brawner, direktor ng Science Education Institute (DOST-SEI) upang magbigay ng talumpati hinggil sa lumalaking kontribusyon ng robotics sa ekonomiya ng bansa.

Ayon kay Dr. Brawner, ang bansa ay nangangailangan ng maraming dalubhasa sa larangan ng robotics upang ito ay higit pang lumago. Hinikayat niya ang mga kabataan na mag-aral ng robotics sa pamamagitan ng mga programa ng SEI na nagsusulong ng paglago ng naturang larangan sa bansa.

Naging tagapagsalita rin sa plenaryo si Melvin Matulac, ang nagtatag ng Genetic Computer Institute at kasalukuyang pinuno ng Philippine International Robotics Olympiad. Tinalakay niya ang mahalagang papel ng robotics sa pagpapaunlad ng karagdagang kaalaman at katangian ng mga kabataan tulad ng pagiging malikhain, kasipagan at kahalagahan ng teamwork.



Patuloy na itinataguyod ng Scientific Career Council Secretariat ng DOST ang pagpapaunlad ng kaalaman sa larangan ng robotics. Sa katatapos lamang na Annual Scientific Forum, dumalo ang mga dalubhasa sa robotics gaya nina Dr. Elmer Dadios (pangatlo mula kaliwa), Melvin Matulac, at si Dr. Jasper Tallada. (Inset) Isa sa mga computer generated robot na nagpasiklab sa nasabing pagtitipon. (Kuha ni Ceejay Valerio, S&T Media Service, STII)

Tinalakay ni Dr. Jasper Tallada, isang Balik Scientist at dalubhasa sa nanotechnology ang pinakabagong kontribusyon ng mga Pilipino hinggil sa paggawa ng mga murang microcontroller at ang posibilidad nang paglago nito bilang isang industriya.

Ang microcontroller ay isang mahalagang piyesa sa computer na tinaguriang “puso” ng mga robot.

Samantala, ipinaliwanag naman ni Dr. Elmer Dadios ng De La Salle University ang

kahalagahan ng mechanical at electronic engineering upang makabuo ng mga “intelligent machine.”

Ipinakita rin sa okasyon ang iba’t ibang robot na nilikha ng PhilRobotics, isang grupo ng mga hobbyist at espesyalista sa larangan ng robotics.

Layunin ng pulong na itaguyod ang pagpapaunlad ng robotics sa bansa sa pamamagitan ng mga ekshibisyon at talakayan ukol sa mga pinakahuling kaganapan sa nasabing larangan.

## LarawaNews



Isinapubliko kamakailan ng Department of Science and Technology at Smart Communications ang mobile phone application ng Nationwide Operational Assessment of Hazards o Project NOAH para sa mga cellphone na tumatakbo gamit ang Android OS. Sa nasabing mobile phone app, maaari nang malaman ang taya ng panahon sa isang partikular na lugar gamit ang cellular phone. Kasama sa okasyon sina (kaliwa) Dr. Ma. Regina E. Estuar ng Ateneo Java Wireless Competency Center; Ramon Isberto ng Smart Communications; Dir. Raymund Liboro ng DOST-STII; Dr. Vicente Malano, Acting Deputy Administrator ng DOST-PAGASA; at Rolly Rolet, ang developer ng mobile phone app. (Kuha ni Ceejay Valerio, S&T Media Service, STII)